# Modyul 8
# Pagsusuri ng Akda sa Teoryang Romantesismo at Eksistensyalismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Kumusta ka na? Sadyang inihanda para sa iyo ang modyul na ito. Marami kang matututuhan sa mga aralin. Alam kong pinagsikapan mo na masagot ang bawat gawain. Kung naibigan mo ang mga nakaraang akda, tiyak na lalo mong magugustuhan ang dulang babasahin mo ngayon.

Mayroon ka na bang namasid na may kapansanan? Marahil mayroon nga. At kundi man sila bulag, pilay, pipi o bingi, matatag at malakas ang loob ng mga iyan. Karaniwan sa kanila ay makikita mo sa daan nang nag-iisa. Ngunit may ilan namang tao diyan na ang tulad nila ay sinasalbahe pa. Dahil kailangan nilang lumabas at makihalubilo sa iba napipilitan silang makipagsapalaran ngunit ibayo rin ang kanilang pag-iingat. Ito ang paksa ng dulang inyong babasahin. “Plop! Click! ni Dobu Kacchiri. Maiibigan mo ang kakaibang tema ng dulang ito.

Ang isa namang kuwento na kasama ng modyul na ito ay “Aanhin Nino ‘Yan?” na sinulat ni Vitas Manwat. Naniniwala ka ba na masarap mabuhay basta’t ang salaping iyong pinaghanapbuhayan ay mula sa malinis na paraan.. Napakasarap ding tumulong sa kapwa. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay ang kumita ng pera ang iisipin. Ang nararapat ay bigyan ng pagkakataon ang sarili na makapagpahinga at pag-ukulan ng pagmamahal ang pamilya. Sang-ayon ka ba rito? Ngunit may isa pa ring pangyayari na nalagay sa panganib ang buhay ng pangunahing tauhan. Tiyak na maiibigan mo ang bahaging ito ng kuwento. Sino kaya ang magdudulot ng panganib? Iyan ang iyong tutuklasin!

Ang iyong kaalaman sa pagsusuri—panlingguwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang mahahasa sa araling ito. Maiuugnay mo rin ang mga dati mo ng kaalamang natutuhan. Kasama mo rin dito ang mga karanasang pansarili at pang-iba na maaari mong paghanguan ng iyong mga kasagutan.

Tutulungan ka muli ng aking mga inihandang gawain. Alam kong makakaya mong sagutin ang mga ito. Kaibigan, kaya mo ‘to. Handa ka na ba? Simulan mo na.

## *Ano ang matututunan mo?*

Nailalapat ang mga batayang kaalaman at kasanayan sa mapanuring pagbasa sa iba't ibang genre ng panitikan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaking kapakinabangan sa iyo ang modyul na ito. Higit na magiging maayos ang iyong pag-aaral kung susundin mo ang mga panuto sa paggamit nito. Alam mo bang sadyang inihanda ito para sa iyo para madali ang iyong pagkatuto?

1. Sagutin mo nang maayos ang Panimulang Pagsusulit sa bahaging "Ano ba ang Alam Mo?" Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Iwasto mo ang iyong mga sagot.. Hingin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung marami kang mali. Tutulungan kang linawin ito sa "Pagpapayaman".

3. Basahin mong mabuti ang mga akda. May mga kaugnay na gawain ang mga ito at iyon ang iyong isasagawa. Mababasa mo kung paano ito gagawin.

4. Sa bawat aralin ay may mga pangwakas na pagsusulit, Sasagutin mo ang mga ito. Mayroon ding pagsubok sa kabuuan sa "Gaano Ka na Kahusay ?". Ikaw ang magwawasto. Kukunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Maging matapat ka sa pagwawasto.

5. Nabanggit ko na sa iyo na kaibigan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong susulatan at ingatang huwag masira.

## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot na nagbibigay-kahulugan sa mga ito.

1. Parang mga trigong - nagbagsakan sa harap ng mga armas – pandigma ang mga nagaping sundalo.
    a. itinanim
    b. bumagsak
    c. nangamatay
    d. tumapon

2. Kalunus-lunos ang pagdanak ng dugo noong panahon ng digmaan.
    a. maraming namatay
    b. tumulong dugo
    c. di mabilang na sugatan
    d. duguang sundalo

3. Maraming oras ang nakabitin sa kanyang mga kamay kung kaya't wala siyang panahong magliwaliw.
    a. maraming orasan na hawak.
    b. maraming gawain
    c. abala sa tungkulin
    d. hirap sa paghahanapbuhay

Isulat ang titik T kung ang malupit na nagdaraan ang tinuran, M kung sina Koto at Kikuichi at O kung si Nai Pan.

4. pagpapatawad sa nagkasala

5. pagtakas sa pinag-away na mag-amo

6. pag-unawa sa lalaking desperado

Isulat ang titik N kapag ang pahayag ay katanggap-tanggap sa katotohanan at Y kung di katanggap-tanggap.

7. pamamasyal ng bulag sa malayong lugar

8. pagpapakain ng walang bayad sa tuwi-tuwina sa mga mamimili

9. pagtawid sa dagat ng dalawang bulag

Panuto: Piliin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit. Titik lamang ang isulat.

10. Likas kay Koto ang magmagandang-loob, ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:
    a. tumulong
    b. magtiis
    c. magpakumbaba
    d. magkawanggawa

11. Pasanin ng mundo ang mga taong ayaw maghanapbuhay, ang kahulugan nito'y…
    a. kaisa
    b. sakim
    c. pabigat
    d. kaagapay

12. Di dapat pairalin ang karumihan ng isip sa pakikitungo sa mga taong naliligaw ng landas. Marumi ang isip ng tao kung:
    a. nag-iisip ng mabuti
    b. masamang paratang
    c. pagtitiwala sa iba
    d. pagsang-ayon sa sinabi

# ARALIN 1: Plop! Click!



## Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Natutukoy ang mga pahayag na hyperbole/pagmamalabis

2. Naibibigay ang mga ideya/kaisipang nagpapakilala ng pagiging malupit/maawain sa kapwa

3. a. Nakikilala ang mga kaisipang batay sa teoryang Romantisismo
   b. Naipahahayag ang reaksyon sa kagandahan/kahinaan ng akda

4. Nahahango sa akda ang mga gawing pagkamaawain sa kapwa

5. Nakasusulat ng isang episod sa dramang napanood sa telebisyon

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Panuto: Ayusin at buuin ang mga salitang nasa loob ng kahon upang mabuo ang diwang ipinapahayag. Bilang lamang ang isulat.

| | |
|---|---|
| may kapansanan | di-pinababayaan |
| 1 | 2 |
| kahit | kabuhayan |
| 3 | 4 |

Nasagutan mo bang lahat ang gawain? Kayang-kaya mo hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan.

**2. Basahin mo…**

Isang libangan ang pagbabasa. Mahilig ka bang magbasa ng dula? Mapalalawak mo ang iyong kaalaman at marami kang matututuhan tungkol sa buhay. Napatawa ka na ba o napaiyak ng isang dulang binasa?

Babasa ka ngayon ng isang dula na sa palagay ko ay maiibigan mo. Unawain mo itong mabuti. Maligayang pagbabasa!

### Plop! Click!
### Ni Dobu Kacchiri

Mga Tauhan:
KOTO

KIKUICHI
ISANG NAGDARAAN

KOTO : Isa akong Koto na nakatira sa pook na ito. Ngayon tatawagin ko si Kikuichi para konsultahin siya. Nariyan ba si Kikuichi?

KIKUICHI : Nariyan na!

KOTO : Nasaan ka?

KIKUICHI : Heto na ‘ko.

KOTO : May mahalaga akong kailangan sa iyo. Dahil matagal na rin naman akong hindi nakalalabas ng bahay, ang daming oras na nakabitin sa kamay ko. Gusto kong magbiyahe at nang makapagmasid naman ng mga tanawin. Ano sa tingin mo?

KIKUICHI : Sa totoo lang, imumungkahi ko nga sana sa iyo, Ekselenteng ideya.

KOTO : Ano pang hinihintay natin kung Ganoon. Maghanda ka ng sake.

KIKUICHI : Ngayon din, Nakahanda na ang bote ng sake.

KOTO : Umalis na tayo agad. Halika na!

KIKUICHI : Nakahanda na ako.

KOTO : Ano sa palagay mo? Nagtatawanan na siguro ang mga taong makita ang dalawang paris natin na namamasyal at nagmamasid sa mga tanawin. Pero ang pagbibiyahe sa bagong lugar ang nakapagpapagaan ng pakiramdam bukod pa sa kasayahang nalalasap mo.

KIKUICHI : Wala naman sa palagay kong mag-iisip na para tayong gago. Kaya, kapag nararamdaman mong gusto mong magbiyahe, dapat lang na ilang ulit tayong magbiyahe. Nakabubuti iyon sa inyo, Amo.

KOTO : Nasa labas na tayo ng nayon. Marahil nasa gitna tayo ng bukirin. Ang lungkot dito.

KIKUICHI : Nasa gitna nga tayo ng bukirin.

KOTO : Kapag nasa kapatagan ako, parang lumalawak ang aking puso at gumagaan ang pakiramdam ko.

KIKUICHI : Gaya ng sabi mo, kasiya-siya ang magbiyahe.

KOTO : Makinig ka! Noon ko pa gustong sabihin sa iyo na hindi sa habambuhay ka

na lamang umaawit ng mga maiikling awit o bumibigkas ng mga kuwento. Bakit di mo ensayuhin ang *Labanan sa Heike*, ang pamosong epiko?

KIKUICHI : Gusto ko nga sanang hingin ang tulong mo tungkol diyan. Masuwerte na lang at ikaw mismo ang nagbukas tungkol diyan. Kung maituturo mo sa akin 'yan, tatanawin kong malaking utang-na-loob.

KOTO : Ituturo ko kung ganoon. Wala rin lang tao sa paligid, bibigkasin ko sa iyo ang isang berso.

KIKUICHI : Sadyang kay buti mo. Sige, makikinig ako.

KOTO : "Umabot sa krisis ang labanan sa Ichi no Tani, at nauwi sa isang malaking giyera. Natalo ang mga dakilang Hieke, at nagsisugod ang mga mandirigma ng Genji—silang sabik sa kabantugan. Parang mga trigong nagbagsakan sa harap ng mga armas-pandigma. Kalunus-lunos na pagdanak ng dugo! Walang katapusang kaguluhan! Putol ang baba ng ilan, at ang iba nama'y talampakan. Sa gitna ng nakakukuliling mga daing at pananangis, pilit pinaglalapat ang kanilang mga sugatang talampakan sa duguang baba, ang sugatang baba sa duguang talampakan. Ay, kahabag-habag na tanawin! Tatlo o apat na raang mga mandirigma ang nagkalat sa kapatagan!…"

KIKUICHI : Kagila-gilalas palang talaga ang epikong 'yan. Nagagalak akong marinig.

KOTO : Halika't pumunta tayo doon sa malayu-layo pa. Sumunod ka sa 'kin!

KIKUICHI : Sige lang, sumusunod ako.

KOTO : Maraming bumibigkas ng Heike, pero wala akong alam na nakabibigkas ito nang mainam. Kaya kailangang pag-aralan mo itong mabuti.

KIKUICHI : Iinsayuhin ko itong mabuti, at inaasahan kong tuturuan mo akong muli.

KOTO : Sakali't maitalaga ako sa posisyon ng "Kengyo". Gagawin kitang isang "Koto".

KIKUICHI : Napakabuti mo ngang talaga.

KOTO : Ano 'yon? Nakakarinig ako ng alon ng tubig. Siguro'y malapit tayo sa dagat.

KIKUICHI : Oo nga, pakiramdam ko'y dagat nga 'yon.

KOTO : Kailangan nating tawirin ito. Ano'ng dapat nating gawin?

KIKUICHI : Ano nga bang dapat nating gawin?

NAGDARAAN: (*Sa mga manonood*) Dito lang ako nakatira. Dahil sa may lalakarin ako sa kabila ng bundok, kailangan kong magmadali. Ano itong nakikita ko? Dalawang bulag ang nagbabalak lumusong sa dagat. Paano kaya nila magagawa 'yon? Titigil muna ako rito at panonoorin sila pansumandali.

KOTO : Halika! Maghagis ka ng bato para matantiya natin ang lalim ng dagat.

KIKUICHI : Sige. Ayan, naghagis na ako. PLOP!
KOTO : Malalim doon.

KIKUICHI : Malalim na malalim doon.

KOTO : Subukan mo sa ibang direksyon.

KIKUICHI : Sige. Ayan, naghagis ulit ako. CLICK!

KOTO : Mababaw doon.

KIKUICHI : Mukha ngang mababaw doon.

KOTO : Kung gayon, lumakad na tayo nang painut-inot. Halika na!

KIKUICHI : Pero amo, teka muna sandali.

KOTO : Bakit?

KIKUICHI : Sandali, bubuhatin ko kayo.

KOTO : Naku, hindi na kailangan. Basta sumunod ka sa akin.

KIKUICHI : Pero kaya nga ako naririto para pagsilbihan kayo. Para na rin sa kabutihan ng aking kaluluwa. Hayaan niyo ng buhatin ko kayo.

KOTO : Hindi, huwag na. Dahil hindi ka rin nakakakita, baka maaksidente pa tayo. Maghawakan na lang tayo sa isa't isa saka lumakad nang painut-inot.

KIKUICHI : Pero ito ang pagkakataon ko para makatulong sa inyo. Kailangang mabuhat ko kayo sa aking likuran.

KOTO : O sige, sige. Dahil mapilit ka, papayag akong buhatin mo ako. Pero kailangang maghanda na muna tayo. Ihanda mo na rin ang sarili mo.

KIKUICHI : Salamat, nakahanda na ako.

NAGDARAAN: Mautak ang mga bulag na 'yon. Sinusubukan nila ang lalim ng dagat sa pamamagitan ng paghahagis ng bato. Masuwerte talaga akong aso. Ako ang

magpapabuhat patawad sa dagat. (*Papatong siya sa likod* ni KIKUICHI)

KIKUICHI : Humawak kayong mabuti. Ngayon sisimulan ko nang magpainut-inot sa dagat. Sana naman hindi masyadong malalim. Ayan nakarating na ako sa kabila. Nagawa ko ito nang walang kahirap-hirap, at natutuwa ako't wala ring disgrasya.

NAGDARAAN: (*Sa mga manonood*) Hindi ko inaasahan ang suwerteng ito. Tuwang-tuwa ako.

KOTO : Ano Kikuichi? Nakahanda ka na ba? Walang sumasagot? Hindi ko ito maintindihan. Ki-ku-i-chi! Na-sa-an ka?

KIKUICHI : Na-ri-to a-ko!

KOTO : Bakit di mo pa ako buhatin patawid?

KIKUICHI : Pero kabubuhat ko lang sa inyo.

KOTO : Kabubuhat lang sa akin? Pero naghahanda pa lang ako. Hindi mo pa ako nabubuhat. Ang hayop na 'yon mag-isa palang tumawid.

KIKUICHI : (*Magmamadaling tumawid sa pinanggalingan*) Kailan kayo tumawid na mula rito amo?

KOTO : Kailan? Aba't walanghiya 'tong taong ito. Umaayaw na yata. Madali ka't buhatin mo na ako agad.

KIKUICHI : Hindi ko maintindihan ito. Di bale, tatawid na lang uli ako. Kumapit na kayo sa likod ko.

KOTO : Huwag kang magalaw.

KIKUICHI : Lalakad na ako nang painut-inot. Mukhang napakalalim dito.

KOTO : Basta mag-iingat ka at huwag kang masyadong magalaw.

KIKUICHI : Opo, opo. Ang lalim naman nito! Naku, tulungan ninyo ako, saklolo!

NAGDARAAN: Nakakaaliw pagmasdan ang kawawang mga bulag!

KOTO : Nakakapanggalit itong nangyayari sa atin. Basang-basa na ako. Kaya nga ba tumanggi na akong pabuhat sa iyo noong una pa.

KIKUICHI : Ipagpaumanhin ninyo. Patutuyuin ko kayo. Talaga namang nag-iingat ako, pero natalisod ako. Patawarin ninyo ako.

KOTO : Nauunawaan kong aksidente ang nangyari, at wala tayong magagawa roon. May nangyari ba sa sake?

KIKUICHI : Ano'ng sabi n'yo? Ah, ang bote ng sake. Heto, hindi nadisgrasya.

KOTO : Giniginaw na 'ko. Tagayan mo ako.

KIKUICHI : Sige po.

NAGDARAAN: Aba't may isa pa pala akong suwerte. Ako'ng iinom noon.

KIKUICHI : Nagtatagay na po ako. *Glug, glug!*

KOTO : Tama na 'yan. Mawawala rin ang ginaw ko pag nainom ko na ito.

KIKUICHI : Sigurado, amo.

NAGDARAAN: (*Sa mga manonood*) Ang sarap nito!

KOTO : Ano na, Kikuichi? Bakit di mo ako tinatagayan?

KIKUICHI : Pero, katatagay ko lang po't binigay ko sa inyo.

KOTO : Iyon din ang aakala ko, pero wala ni isang patak ang baso ko.

KIKUICHI : Talagang hindi ko maintindihan ito. Magtatagay uli ako. Heto, pupunuin ko na ang baso.

KOTO : Sige, bilisan mo.

KIKUICHI : Eto na. *Glug, glug!*

NAGDARAAN: (*Sa mga manonood)* Aba't may kasunod pa! Walang kasinsarap ang sakeng ito!

KOTO : Tama na 'yan. Uminom ka rin nang kaunti.

KIKUICHI : Puwede po ba? Salamat sa kabaitan ninyo. Napakasarap ng sake, di po ba?

KOTO : O, bakit hindi mo pa ako tinatagayan?

KIKUICHI : Pero katatagay ko lamang po ng isang punong baso para sa inyo.

KOTO : Akala ko nga, pero ni isang patak, wala pa rin ang baso ko. Kamuhi-muhi kang tarantado ka. Ni isang patak di mo man lang ako pinatikim, kasi sinosolo mo'ng pag-inom.

KIKUICHI : Naku, hindi ganyang magsalita ang amo ko. Bakit ko naman sosolohin ito nang hindi inuuna ang amo ko? Mali ang akusasyon ninyo sa akin. Nakadalawa na po kayong tagay.

KOTO : Aba't talaga bang ginagalit mo 'ko? Hindi ka lang gago, dinadaya mo 'ko at pinalalabas na iniinom ko'ng tinatagay mo nang di mo alam. Tagayan mo ako ulit.

KIKUICHI : Gusto ko po sana. Pero, ipagpaumanhin ninyo! Wala na pong natira.

KOTO : Ano? Ni isang patak wala nang natira?

NAGDARAAN: (*Sa mga manonood*) Talagang nakaaaliw ito. Pag-aawayin ko sila. Bang! Bang!

KOTO : Aray, array ko! Aba't sobra na ito. Matapos mo akong gawan ng inumin. Ngayon naman may gana ka pang bugbugin ako.

KIKUICHI : Ano'ng sabi ninyo? Bugbugin?

KOTO : Sinaktan mo na ako, ulol!

KIKUICHI : Itinatabi ko lang po ang bote ng sake. Ni hindi nakaturo sa direksyon ninyo ang mga kamay ko.

KOTO : A, hindi pala? At sino pang mananakit sa akin, aber? Sino, sabi?

KIKUICHI : Aray, array ko po! Inaakusahan n'yo na nga ako ng kung anu-anong hindi ko naman ginagawa, ngayon naman sinasaktan n'yo pa ako. Bakit binubugbog ninyo ang isang walang kasalanang katulad ko?

KOTO : Aba't ni hindi nga nakatutok sa iyo ang mga kamay ko.

KIKUICHI : Hindi nakatutok? Sino'ng nanakit sa kin? Magsalita kayo, sino pa?

KOTO : Aray, aray ko! Kikuichi, ano ba? Bakit mo ba ako sinasaktan?

KIKUICHI : Nasa binti ko ang mga kamay ko.

KOTO : Nasa binti mo? Kaninong mga kamay ang sumuntok sa akin?

KIKUICHI : Aray, tama na ! Huwag ninyong abusuhin ang inosenteng tulad ko, Amo.

KOTO : Ano? Abusuhin?

KIKUICHI : Ano pa nga bang ginagawa ninyo?

KOTO : Ni hindi nga dumadapo ang mga kamay ko sa iyo.
KIKUICHI : Di dumadapo? Kung gayo'y sinong nanununtok sa akin?
KOTO : Aray, ano ba?
KIKUICHI : Aray ko po, tama na!

NAGDARAAN: Nakakatuwa talaga ito. Paiikutin ko sila sa iba't ibang pakana. Pero teka! Aba't tinutuluyan na nilang magsuntukan. Delikado na ang manatili pa rito. Kailangang makaalis na ako habang may araw pa.

KOTO : Nauubos nang pasensiya ko. Hindi kita patatakasin lintik ka!

KIKUICHI : Bakit ako sinasaktan?

SILANG DALAWA: A-a-ray…

KIKUICHI : Ikinahihiya ko kayo Amo. Hawak ko na kayo ngayon. Nagpapanggap lang pala kayong mabait. Santo-santito!

KOTO : Huwag, sandali lang! Matapos mo akong bugbugin, tatakbuhan mo ako. Wala bang ibang tao rito? Hulihin n'yo siya, hulihin n'yo! Huwag n'yo siyang patatakasin!

---W A K A S---

Nasiyahan ka ba sa dulang binasa mo? Naramdaman mo ba ang emosyong naghari sa mga tauhan ng akda?

Kung naunawaan mong mabuti ang binasang dula, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Huwag kang mag-alala, madali lamang ang mga ito. Matutulungan ka nito kung uunawain mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay tungkol sa mga tayutay na hyperbole o pagmamalabis na kung minsan ay mahirap unawain.

| |
|---|
| Narinig mo na ba ang tungkol sa tayutay na hyperbole o pagmamalabis? Isa ito sa nakatutulong upang maging masining ang akda. Tulad ng tayutay na hyperbole/pagmamalabis, ginamit ito sa akda upang bigyang-diin ang pagtukoy sa kahulugan na binibigyan ng labis-labis na paglalarawan. |

Naliwanagan ka na ba? Makatutulong ang iyong nabasa sa pagsagot mo sa unang gawain.

3. **Linangin Mo…**
   a. **Pagsusuring Panlingguwistika**

      Panuto: Piliin mo ang titik na nagpapaliwanag sa sumusunod na mga tayutay na hyperbole/pagmamalabis.

1. mga trigong nagbagsakan sa harap ng armas-pandigma

2. pagdanak ng dugo

3. nakakukuliling na mga daing at panangis

4. nagkalat sa kapatagan

Pagpipilian:

a. maraming sugatan na namatay

b. mga mandirigmang nangamatay

c. hinaing at hinagpis ng mga sugatang nangamatay

d. mga mandirigmang nangamatay at matatagpuan kahit saan.

Madali lamang ang unang gawain kaya alam kong nasagutan mo ito. Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo ang iyong ginawa.

Ano ba ang pagkakaunawa mo tungkol sa dula? Kilos. Pananalita. Pangyayari. Suliranin. Kilos uli. Ito ang dula. Ang dula ay anyo ng panitikan na may katangiang kanyang-kanya lamang. Ang tunay na kariktan nito ay ipinakikita sa tanghalan. Ipinaririnig nito ang mga usapan at pinakikilos ang tauhang nagsisiganap.

Pasalaysay na pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa dula ang banghay. Ang mga kilos at insidenteng inilalarawan sa dula ay isinasalaysay ng mandudula. Nahahati ang banghay sa mga yugto. Ang dula ay karaniwang nahahati sa tatlo o dalawang yugto ngunit maaari ring lima o higit pa.


Nagtataglay ang lahat ng dula ng tunggalian, kaigtingan, kagila-gilalas na pangyayari at kalutasan sa suliranin.

O hayan, marami ka nang natutuhan tungkol sa dula. Tiyak na mawiwili kang magbasa nito dahil hahanapin mo na ang ukol sa mga kilos at insidenteng inilalarawan sa dula.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!


**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Piliin ang mga ideya/kaisipang nagpakilala ng pagiging malupit/maunawain sa kapwa. Titik lamang ang isulat.



Mga pagpipiliang sagot:

a. pagsuntok sa dalawang bulag
b. nagpabuhat patawid sa dagat
c. tinakasan ang nag-aaway
d. ininom ang buong sake ng dalawang bulag
e. namasyal sa malayong lugar




a. Makabayan

b. paghingi ng paumanhin

c. pagpapatawad sa iba

d. matulungin

e. pagpapatuyo sa nabasang amo

Natutuhan mo ang ilang mga impormasyon tungkol sa dula. Alam kong nakatulong ito sa iyo upang masagot mo ang gawain sa pagsusuring pangnilalaman.


Ngayon, madaragdagan pa ang iyong kaalaman. Higit mong mauunawaan at mapahahalagahang mabuti ang isang akda kung alam mo ang kaisipang batay sa teoryang romantisismo. Narinig mo na ba ito?

Madali lamang makilala ang teoryang Romantisismo, inspirasyon ang pangunahing kasangkapan nito upang mabatid ng tao ang katotohanan, kabutihan o kagandahan.

Handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isasalang-alang mo ang iyong natutuhan. Masasagot mo iyan. Subukin mo.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Tukuyin sa mga bahagi ng akda na nagpakilala ng di-pagtanggap sa katotohanan at hindi kapani-paniwala. Titik lamang ang isulat.



Mga Pagpipilian

a. Pamamasyal ng bulag sa malayong lugar
b. Pagtatalaga sa posisyong "Kengyo"
c. Pagsali sa bigkasan
d. Pagsisikap na gawing normal ang buhay sa kabila ng kapansanan
e. Pagtawid sa dagat
f. Magpainut-inot sa tagal
g. Walang disgrasya
h. Pagbubuhat sa likod

Madali mo bang nakilala ang teoryang Romantisismo. Tingnan mo nga kung tamang lahat ang iyong sagot. Itsek mo muli ito.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang mga pahayag na tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo matapos mong mabasa ang dula.

1. Nalibang ako sa binasang dula.

2. Naging maganda ang pananaw ko sa buhay.

3. Napag-isip-isip ko na hindi hadlang sa pagtatagumpay ang kapansanan.

4. Nagkaroon ako ng ideya kung paano pahahalagahan ang dula.

5. May epekto ang dula sa sarili kong pagbabagong pangkaisipan at damdamin.

Tiyak na marami nang nabago sa iyo. Tama bang lahat ang sagot mo? Iwasto mo.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Piliin sa susunod na oahina at isulat ang tamang sagot na pantulong na kaisipan na hinihingi sa dayagram. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

Plop! Click!

KAISIPAN

Ang kapansanang pisikal ay hindi hadlang sa pagtatagumpay

Pantulong na kaisipan

1

2

3

Mga Pagpipilian:

a. Magandang kaasalan sa kapwa
b. Masinop sa mga gamit
c. Nagsisikap gawing normal ang buhay
d. Nabubuhay nang malinis
e. Nagpapalawak ng kaalaman

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Alam kong ginagawa mong lahat ang iyong makakaya para masagutan ang mga gawain.

Ngayon naman susulat ka na. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa at madali lang ito. Handa ka na?

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Sumulat ng isang episod sa dramang napanood sa telebisyon. Iugnay ang susulating katulad na episod sa buhay ng isang may kapansanan.

Patunay lamang ito na di hadlang ang kapansanan upang matamo ang mithiin sa buhay.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) sa tabi ng bawat bilang ang tumutugon sa mga matututuhan mo sa aralin.

1. pagsusunud-sunod ng mga pangyayari

2. nakatutukoy ng mga pahayag na hyperbole

3. kaalaman sa teoryang romantisismo

4. kahulugan ng dula

5. kagandahan at kahinaan ng akda

6. naisasadula ang piling bahagi ng akda

7. nakikilala ang bahagi ng dula

8. naipaliliwanag ang ilang bahagi ng akda na taglay ang tayutay na hyperbole

9. maawain sa kapwa

10. di hadlang ang kapansanan sa tagumpa

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Kayang-kaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang mga kasagutan at iwasto mo ang iyong mga sagot.

Ang susunod na gawain ay susukat muli sa iyong mga matututuhan sa araling tinalakay. Unawain mo itong mabuti. Kaya mo ito. Simulan mo na.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang kahulugan ng pahayag. Titik lamang ang isulat.

1. "Ang daming oras na nakabitin sa kamay ko"
   a. maraming orasan ang hawak
   b. abala sa tungkulin
   c. maraming gawain
   d. hirap sa paghahanapbuhay

2. Pero ang pagbibiyahe sa bagong lugar ang nakapagpapagaan ng pakiramdam bukod pa sa kasayahang nalalasap mo".
   a. nakapagpapaluwag ng pakiramdam
   b. nakababawas ng sakit ng katawan
   c. nakapagpapaligaya ng kalooban
   d. nakapag-aalis ng sama ng loob

3. "Nagsisugod ang mga mandirigma ng Genji—na sabik sa kabantugan".
   a. nagnanais na makilala ng madla
   b. naghahangad na magpasikat
   c. nagsisikap na magkapangalan
   d. nagpapamalas ng kasikatan

4. ”Ang malupit na nagdaraan ay mapagsamantala kaya .“
    a. nagnakaw ng gamit
    b. nang-umit ng salapi
    c. nagpabuhat patawid sa dagat
    d. nanghingi ng pera

Piliin ang angkop na sagot sa pahayag. Titik lang ang isulat.

5. Maawain si Kikuichi, nagawa niya ang bagay na ito sa kanyang amo. Anong bagay ang ginawa niya?
    a. pagbugaw ng lamok sa pagtulog
    b. pagpapatuyo sa nabasang amo
    c. pagpapainom ng tubig
    d. pagtulong sa pagbibihis

6. Si Koto ay gayundin. Tulad ni Kikuichi maawain kaya, naipakita niya ito nang:
    a. pinaalis ang kausap
    b. pinagbayad ng salapi
    c. pinalayas sa tirahan
    d. pinatawad ang utusan

7. Bahagi ito ng akda na tumutukoy sa di pagtanggap sa katotohanan
    a. pagkain nang nag-iisa
    b. pagsisikap na gawing normal ang buhay
    c. pagpapaakay sa pamamasyal
    d. pagsali sa dula-dulaan

8. Ang bahaging ito ng akda ay maituturing na di kapani-paniwala.
    a. pagtawid sa kalye
    b. pagpanhik sa mataas na gusali
    c. pag-inom ng sake
    d. pagtawid sa dagat


9. Sa kabuuan ng akda, anong pagpapahalagang kaasalan ang nais palutangin ng may-akda?
    a. pagkagiliw sa kapwa
    b. pagkamasunurin
    c. pagmamahal sa bayan
    d. pagkamaawain

10. Piliin sa pahayag ang gawaing pagkamaunawain. Titik lamang ang isulat.
    a. “Mabuti at nakadalo ka sa pagtitipong ito.”
    b. “Huwag kang mag-alala nauunawaan ko ang lahat.”
    c. “Bakit ngayon ka lang?”
    d. “Dapat mong gawin ay magsikap ka!”

Mataas ba ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, gawin mo na ang susunod na aralin ngunit kung 6 pababa, may susunod ka pang gawain. Kaya mo ito sapagkat kaugnay pa rin ito ng araling pinag-aralan mo. Maaari mo na itong simulan.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Iangkop ang tema sa larawang nakapaloob sa literary poster (stick drawing)



a. Tulungan ang may kapansanan
b. Akayin ang may kapansanan
c. Itawid sa daan ang may kapansanan
d. Bigyan ng upuan ang may kapansanan
e. Unawain ang may kapansanan



## Ano ba ang alam mo?

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot ayon sa hinihingi ng bawat bilang.

1. "Mas masarap matulog kaysa magpayaman nang mabilis." Nais ipahayag ng pahiwatig na:
   a. ayaw niyang magtrabaho
   b. di lahat ng oras ay ilalaan sa pagkita ng salapi
   c. masarap matulog
   d. tinatamad siyang magtrabaho

2. "Pag hindi ko nakuha ang salapi, <u>patitikimin kita</u> ng mga bala" Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:
   a. patitikman ng tingga
   b. pakakainin ng mga bala
   c. babarilin
   d. papatayin sa saksak

3. Si Nai Phan ay kilala sa kanyang sinangag at kape at <u>pagbubukas-palad.</u>. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:
   a. maawain
   b. palakaibigan
   c. mabuting tao
   d. matulungin

Pagkilala kay Nai Phan bilang pangunahing tauhan:

4. Hanapbuhay –
   a. may sariling tindahan
   b. nag-oopisina
   c. naglalako ng paninda
   d. tagapagluto

5. Kalagayan sa buhay
   a. mahirap
   b. may sapat na salapi
   c. ubod ng yaman
   d. maraming utang

6. Paniniwala
   a. ibuhos ang buong panahon sa pagkita ng salapi

b. di kailangan na kumita ng maraming salapi
c. tulungan ang lahat ng nangangailangan
d. pagbutihin ang pakikipagkapwa

7. "Anong maipaglilingkod ko sa inyo, Sir?" tanong ni Nai Phan. Sa halip na sumagot, naglabas ng baril ang estranghero. Mahihinuha na ang estranghero ay isang ____.
   a. pulis
   b. sundalo
   c. kagawad
   d. holdaper

8. Parang nakikipag-usap lang si Nai Phan sa estranghero. "Ibibigay ko sa iyo ang pera, pero hindi dahil sa baril mo, ibibigay ko sa iyo dahil mukhang kailangang-kailangan mo." Patunay ito na ________________ si Nai Phan.
   a. takot
   b. desperado
   c. kalmante
   d. padalus-dalos

9. Ano ang ipinarating na damdamin ng pangunahing tauhan sa mambabasa?
   a. pag-unawa sa kapwa
   b. pagtulong kahit kanino
   c. pagsisikap na mabuhay
   d. panatag na kalooban

10. Si Nai Phan ay isang taong taglay ang –
   a. katatagan ng loob sa oras ng panganib
   b. pagbibigay ng salapi sa nangangailangan
   c. pagpapakain sa nagugutom
   d. pangungutang ng puhunan

# *ARALIN 2: Aanhin Nino 'Yan?*




## *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga matalinghagang salitang ginamit sa akda

2. Nasusuri ang tauhan batay sa kanyang mga saloobin at paniniwala

3. Natutukoy at nabibigyang-halaga ang mga bahagi sa akda na nagpapakita ng kapangyarihan ng tao

4. Napatutunayan na may kabutihan ding taglay ang mga naliligaw ng landas

5. Naibabahagi ang sariling panlasa sa akda at nakabubuo nang pasulat na balita hango sa paksa

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Piliin ang titik ng mga angkop na reaksyon ng mga taong nakagawa ng kabutihan sa kapwa batay sa ulo ng balitang…

"Taxi Driver, nagsauli ng isang bag ng dolyar"

| Naramdaman |
|---|

1______________________________
2______________________________

| Iniisip |
|---|

3______________________________
4______________________________

| Gustong Gawin |
|---|

5______________________________
6______________________________

Mga Pagpipiliang angkop na reaksyon

a. masayang pakiramdam

b. ipagmamalaki ng kaanak

c. pagkakatiwalaan ng iba

d. magiging huwaran

e. isauli sa tunay na may-ari

f. makilala ng tunay na may-ari

Nasagutan mo bang lahat ang gawain? Kaya mo hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto mo.

**2. Basahin mo…**

Marami ka na bang nabasang kuwento? Maganda itong libangan, di ba? Bukod sa nadaragdagan ang iyong kaalaman, marami ka pang natututuhan tungkol sa buhay. Sa mga kuwentong iyong binasa, naranasan mo na rin ba na ikaw ay mapaiyak o mapatawad nito?

Ngayon, isa na namang maikling kuwento ang iyong babasahin. Maiibigan mo ito. Unawain mo itong mabuti. Maligayang pagbabasa!

## AANHIN NINO 'YAN ?

Vilas Manwat
Salin ni Lualhati Bautista

Si *Nai* Phan ay isa sa mga sikat sa kapitbahayan. Hindi dahil isa siyang mananayaw na ang paa'y singgaan ng saboy ng bituin; hindi rin dahil ginawa niyang bukod-tangi ang sarili sa larangan ng pulitika o panitikan. Marahil, ang kanyang talino sa pagsasangkap sa isang masarap na luto ng sinigang ang kanyang naging tuntungan sa kawalang-hanggan, pero kahit hindi naging katangi-tangi ang nalalaman niya sa pagluluto, magiging tanyag pa rin siya dahil handa niyang pahintulutan ang kanyang mga parukyano sa walang limitasyonng pangungutang.

Mahilig siyang mamigay ng matamis sa mga bata nang hindi naghahanap ng pera. Mangyari pang dahilan ito lagi para magreklamo ang kanyang asawa, pero sasabihin niya "Ang dalawampung *satang* na halagang matamis ay hindi ipinaghihirap ng pamilya". Pag ang *Than Khun* , isang mataas na opisyal na naninirahan sa may iskinita, ay gusto ng isang masarap na kape, sasabihin nito sa anak: "Magdala ka rito ng kape mula sa tindahan ni Nai Phan. Marami siyang maglagay ng gatas; iisipin mong nag-aalaga siya ng baka para doon!"

Sa iskinita ding iyon ay naninirahan ang isang lasenggo na hilig nang lumitaw sa kainan at tumula ng mga berso mula sa kuwento nina *Khun* Chang at *Khun* Phaen; makikinig si *Nai* Phan nang taimtim ang atensyon. Pagkatapos magpalabas, hihingi ang lasenggo ng isang libreng baso ng tsaang may yelo, na malugod namang ipagkaloob ni *Nai* Phan, na may kasama pang *doughnut* para kumpleto.

Pag maulan, sasabihin ni *Nai* Phan sa mga estudyanteng dalagita: “Mga binibini, nahihirapan na kayo sa pagtatampisaw sa putik. Mula ngayon, puwede n’yong bitbitin ang inyong sapatos hanggang sa aking tindahan at doon n’yo isuot”. Lagi niyang binibigyan ang mga ito ng malinis na tubig para panghugas ng paa.

Pero eksaktong ikawalo gabi-gabi, isasara niya ang kanyang tindahan. Sasabihin sa kanya ng mga kaibigan niya, “Dapat kang magbukas at magsilbi sa gabi; diyan maganda ang negosyo, mas madali kang yayaman”.

Masayang tatawa si Nai Phan at sasabihin,“Mas masarap matulog kaysa magpayaman nang mabilis”.

Ang sagot na ito’y may pinupukaw sa puso ng mga nakakarinig na mas mayaman kaysa kay Nai Phan, pero hindi pa rin kuntento sa yaman nila, bagkus ay nagkukumagkag pang makapagpundar ng mas malaki pang kayamanan.

Ang mga taong naninirahan sa iskinita, pauwi sa kani-kanilang bahay sa kalaliman ng gabi pagkaraan ng maghapong ginugol sa paghahabol ng pera, ay makatatanaw kay *Nai* Phan na nakahilig sa kanyang maliit na silyang de-tiklop, kuntentong nakikipag-usap sa asawa. At maiisip nila sa kanilang sarili: “Ang saya-saya nilang tingnan, malaya sa paghahangad sa kayamanan. Mas mabuti pa sila sa amin”.

Isang gabi ay nagpunta sa sinehan ang kanyang asawa, at nag-iisa si *Nai* Phan. Papadilim na at naghahanda na siyang magsara ng tindahan nang mabilis na pumasok ang isang kabataang lalaki.

“Anong maipaglilingkod ko sa inyo, *sir*?, tanong ni *Nai* Phan. Sa halip na sumagot, naglabas ng baril ang estranghero at itinapat iyon sa puso niya. Hindi ito maunawaan ni *Nai* Phan pero nadarama niya na hindi maganda ang mga pangyayari.

“Iabot mo ang salapi mo,” marahas na sabi ng kabataang lalaki. “Lahat, kung anuman meron ka. Mukhang ang patayan ang uso sa mga panahong ito; nagbabarilan ang mga tao araw-araw. Pag pinatay kita, wala nang ispesyal d’on at pag napatay mo ‘ko, hindi na rin masyadong nakapagtataka, kaya bilisan mo na. Pag hindi ko nakuha ang salapi, patitikimin kita ng mga bala”.

Hindi nanginig si *Nai* Phan. Kalmante siyang nakatayo at sabi niya sa tinig na parang nakikipag-usap lang ; “Ibibigay ko sa’yo ang pera, pero hindi dahil sa baril mo, ibibigay ko sa’yo dahil mukhang kailangang-kailangan mo iyon. Baka nakasalalay dito’y buhay at kamatayan. Eto… lahat ng perang meron ako ay nandito. Kunin mo na at umuwi ka na agad. Sinong nakakaalam? Siguro’y may sakit ang iyong ina; siguro’y maraming araw na siyang hindi tumikim ng pagkain. Bilisan mo; baka nga maraming taong naghihintay doon, iniisip kung pag-uwi mo na may dalang pera. Hindi ko sasabihin sa mga pulis. Mga siyam na raan ang cash dito; higit pa… kunin mo na”.

Inilagay niya ang salapi sa mesa pero ang binatang holdaper ay tila hindi maglakas-loob na hipuin iyon.

“Bakit hindi mo kunin?” tanong ni *Nai* Phan. “Tingnan mo, bakit kita lolokohin? Alam kong hirap na hirap ka na. Hirap tayong lahat sa mga araw na ito. Hindi ako naniniwalang masama kang

tao. Sino ang gustong maging magnanakaw kung maiiwasan niya? Maaari ding nagkaatake ang iyong ama at kailangan mo siyang alagaan, dalhin mo sa kanya ang perang ito, pero wag mong ubusin lahat sa gamot. Maniwala ka sa akin, magagamot ng doktor ang katawan, pero kailangan ng tao ang lunas pati sa kanyang isip at kaluluwa. Bumili ka ng ilang mababangong bulaklak, isang kuwintas ng bulaklak para sa iyong ina na mailalagay niya sa harap ng sagradong imahen sa bahay. Iyon ang ginagawa ko gabi-gabi. Hindi mo kailangang malaman kung ano ang kabanalan o kung saan ito nananahanan. Sapat na ang makadama ka ng kapayapaan sa iyong sarili. Iyon ang langit. Ay! – at itabi mo ang iyong baril – giginhawa agad ang pakiramdam mo. Ang isang lalaking may dalang baril ay hindi nakakilala ng kapayapaan, ang puso niya'y naghihirap sa takot at pag-aalinlangan, at sa amoy ng panganib. Hindi tayo liligaya habang ang ating mga kamay ay nagsisikip sa mga sandata".

Inilagay ng kabataang lalaki ang baril sa kanyang bulsa, tulad ng isang masunuring bata. Itinaas ang mga kamay sa pagpupugay sa wari kay Nai Phan, na kilala sa kanyang sinigang at kape at pagbubukas-palad.

"Dapat na barilin ko ang aking sarili imbis na barilin ka," sabi ng kabataang lalaki.

"Huwag kang magsalita na parang baliw," sabi ng tagapamahala ng tindahan, habang inaabot ang pera sa binata. "Ito na lahat iyon. Dalhin mo, iyo nang lahat. Hindi ito pagbibigay na ginawa sa galit. Alam ko na puno ang mga bilangguan, pero hindi ng mga kriminal. Isa kang lalaking tulad ko, tulad ng ibang lalaki, kahit sinong lalaki, kahit isang ministro, ay ganyan din ang gagawin kung desperado".

Naupo ang kabataang holdaper. "Hindi pa kita nakita kailanman, at hindi pa ako nakikita kailanman ng gaya mo kung magsalita. Hindi ko kukunin ang pera mo, pero itinabi ko na ang aking baril. Ngayo'y uuwi na ako sa aking ina na gaya ng sabi mo," umubo siya nang ilang ulit bago nagpatuloy. "Masama akong anak. Lahat ng perang ibinigay sa akin ng aking ina'y inubos ko sa karera ng kabayo; 'yong kakaunting natira'y inubos ko sa pag-inom

"Lahat ng tao'y nagkakamali. Ano ba ang buhay kundi magkakahalong eksperimento, pagkakamali't mga kabiguan?" sabi ni Nai Phan.

"Hindi malakas ang katawan ko, alam mo, " pagpapatuloy ng kabataang lalaki. "Narinig mo ba ang ubo ko? Natatakot ako na may'ron na akong T.B. Iyon ang dapat sa akin, sa palagay ko, dahil meron akong mga ginagawang masama – Dapat talagang mamatay na ako agad-agad. Hindi ako dapat mabuhay, pasanin lang ako ng mundo. Salamat, at Paalam!"

Walang pag-asang umiling ang kabataang lalaki. "Hindi ko alam kung saan ako pupunta ngayon. Saan ako maaaring pumunta? Ano ang mga paniniwalaan? Hindi ko alam. Mukhang wala nang ano pa man sa mundong ito na karapat-dapat paniwalaan. Naging isang miserableng nilikha na ako mula nang araw na ako'y ipanganak; hindi nakapagtataka na hindi ko gusto ang aking mga kapwa-tao. Minsan, ang tingin ko'y pananagutan ng lahat ang mga kamalasan ko. Ayokong makisalamuha sa mga tao. Hindi ako nagtitiwala kahit kanino. Kinasusuklaman ko ang paraan ng pakikipag-usap ng tao sa isa't isa, kung paano nila gugulin ang kanilang buhay, kung paano nila mahalin at purihin ang isa't isa, kung paano sila tumawa at ngumiti.

Tumango nang may pagkaunawa si *Nai* Phan. "Lahat ng tao'y gan'on ang pakiramdam kung minsan."

“Kaya mo ba akong paniwalaan? Hindi ako interesado sa kahit ano. Sawang-sawa na ako sa lahat. Ang buong mundo’y parang hungkag. Walang kahulugan, walang anupaman na mapapagkapitan o maigagalang na tao. Kung talagang gusto kong magtrabaho, sa palagay ko’y maaari akong humanap ng gawain. Pero nasusuklam akong makita ang sangkatauhan, ayokong tumanggap ng kahit na anong pabor mula sa kanila. Mananatili ako ng isang linggo sa isang trabaho, dalawang linggo, sa isa pa-hindi ako nagtatagal kahit saan”

“Nagbabasa ka ba ng libro?”

“Dati. Pero umayaw na ako. Ni hindi na ‘ko nagbabasa ng diyaryo ngayon. Bakit pa? Alam na alam ko kung ano’ng laman nila. Wala kundi barilan, nakawan, patayan! Binabago nila ang mga lugar at mga pangalan pero ganun’t gan’on din ang mga istorya.”

Hinimas ng kabataang lalaki ang kanyang baba at masusing naningkit ang mga mata kay *Nai* Phan” Swerte mo na hindi ka nagpakita ng anumang takot o galit nang pagbantaan kita ng baril, tiyak na papatayin kita. Ang daigdig na ito’y punung-puno ng mga lalaki na gustong magpakita ng galit, mga lalaking marurumi ang isip, na laging bumubulalas na nabubulok na raw ang sibilisasyom at moralidad. Hindi ako naniniwala na dahil ang daan-daan o libu-libo ang napasama, gan’on na rin dapat gawin ng lahat ng tao. Alam ko na ngayon na hindi ako naparito dahil sa pera kundi para patunayan sa sarili ko na tama ang aking paniniwala. Naiisip ko lagi kahit pa nawawalan na ng pag-asa ang mundo at lumulubog na sa kailaliman, pinarumi at dinungisan ng kasalanan ng tao, may matitira pa rin kahit isang tao na hindi tao dahil lang gan’on ang itsura niya, kundi isang tunay na taong nilalang. Alam niya kung paano magmahal ng iba, kung paano mapagwawagian ang paggalang ng ibang tao. Pero hindi ko ganap na pananaligan iyon dahil wala pa kong nakitang gan’on. Sa loob ng maraming taon ay iniisip ko: “Sana’y makakita ako ng isang tao na hindi pa naging buktot kasabay ng kabuktutan ng mundo, para mapaniwalaan ko na may natitira pang kabutihan, para magkaroon ako ng lakas para patuloy na mabuhay.” Ngayo’y nakatagpo ako ng isang taong gan’on. Ibinigay mo sa akin ang lahat ng hinahangad ko. Wala ka nang dapat ibigay. Uuwi ako ngayon. Mangyari pa, sa isip ko, hindi ko na kamumuhian uli ang daigdig. Natuklasan ko sa wakas ang uri ng buhay na gusto kong tuntunin.”

Mukhang nagiging mas masigla na ang estranghero. Tumindig na siya para umalis at pagkaraan, naalaala niya, inilabas niya ang baril, iniabot niya iyon sa may-ari ng tindahan.

“Sana’y kunin mo ito. Hindi ko na ito kailangan. Iyan ang tatak ng mababangis. Sinumang lalaki na magdala ng baril ay walang awa o paggalang sa iba, wala siyang iginagalang kundi ang baril. Ang mga bandido’y maaaring mabuhay sa kanilang baril, pero ang buhay nila’y laging gagambalain ng katotohanan na ang mga kaaway nila’y maaaring sumalakay sa kanila nang wala silang kahandaan. Wala silang panahon para panoorin ang paglubog ng araw o para umawit. Pag ang tao’y walang panahon para umawit, mabuti pang maging kuliglig na lang o ibong *mynah.”*

Ngumiti nang masaya ang holdaper, at kumakaway ng pamamaalam, idinugtong nito:
“Babalik ako para makita ka uli, pero huwag mo nang ipakikita uli sa akin ang baril. “Yan ang kaaway ng isang malinis na buhay. Paalam.”

Nawala sa dilim ang estranghero. Yumuko na si Nai Phan, ang may-ari ng tindahan, para bisitahin ang pinakabago niyang pag-aari. Iniisip niya na bukas ay ipagbibili niya iyon. Kailangang-kailangan niya ng bagong pansala ng kape

---W A K A S---

Naibigan mo ba ang kuwentong binasa? Naramdaman mo rin ba ang emosyong naghari sa mga tauhan sa akda?

Kung binasa at inunawa mong mabuti ang kuwento, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Madali lamang ang mga ito. Unawain mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay pagsusuri sa mga salitang/pariralang ginamit sa akda batay sa kahulugan nito sa teksto.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Punan ng tamang letra upang mabuo ang kahulugan ng sumusunod:

1. nagkukumagkag

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | a | g | | | | a | | | | i |

2. kinamumuhian

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | i | | a | | i | | i | | | |

3. desperado

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | L | | n | g | - | | a | | - | | | |

4. bukas-palad

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | a | | u | | u | | g | | |

5. buktot

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | A | | a | k | | | t |

Nasagutan mo ba? Kunin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Iwasto mo ang iyong mga sagot.

Ano ba ang pagkakaunawa mo tungkol sa maikling kuwento? Ito ay isang uri ng pagsasalaysay na maikli ang kaanyuan.

May mga bahagi rin ang maikling kuwento.

Sa pagbubuod ng kuwento, maaaring gamitin ang "story grammar". Ito ay binubuo ng tagpuan. Sa tagpuan, nariyan ang mga tauhan sa kuwento, ang panahon nang ito'y maganap at ang pook na pinagganapan. Ang mga pangyayari ay paglalahad ng panimula, suliranin, reaksyon, layunin, ginawa/binalak at resulta/kinahinatnan. Ang huling bahagi naman ay ang wakas ng kuwento.


Marahil naman, marami ka nang alam tungkol sa maikling kuwento. Kawiwilihan mo ang pagbabasa nito dahil hahanapin mo na iyong mga bahaging ipinaliwanag ko.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Piliin mo sa Hanay B ang mga kasagutang tumutugon sa Hanay A. Titik lamang ang isulat.

A




Ganito ang dapat na maging ayos ng iyong sagutang papel:

1. tagpuan
   tauhan ___________
   panahon __________
   pook _____________

2. pangyayari
   panimula __________
   suliranin __________
   reaksyon __________
   layunin ___________
   ginawa/reaksyon __________
   resulta/kinahinatnan _______

3. wakas _________

B. Mga Pagpipilian:

1. Tagpuan
    a. sa loob ng tindahan
    b. habang hinoholdap si Nai Phan
    c. Nai Phan
2. Pangyayari
    a. pagdating ng holdaper
    b. ipinaunawa sa holdaper ang ginawa nito
    c. paglalarawan sa talento ng tauhan
    d. binaril ang tindero
    e. nais makatulong sa kapwa
    f. natauhan ang holdaper kaugnay ng kamalian
    g. sumuko sa pulis
    h. kalmante sa pakikipag-usap sa holdaper

3. Wakas
    a. di na tinuloy ng holdaper ang balak
    b. nabaril ni Nai Phan

Natutuhan mo ang ilang impormasyon tungkol sa maikling kuwento. Alam kong nakatulong ito sa iyo upang masagot mo ang gawain sa Pagsusuring Pangnilalaman.

Madaragdagan pa ang iyong kaalaman. Higit mong mapahahalagahan at mauunawaang mabuti ang isang akda kung alam mo ang ilang mga prinsipyo, mga paniniwala, ideyang makatutulong sa pagpapaliwanag ng isang akdang pampanitikan.

Ang teoryang pampanitikang binigyang-diin sa kuwentong "Aanhin Nino 'Yan?" ay teoryang Eksistensyalismo. Eksistensyal – napapanahon, nananatili at patuloy na nangyayari. Samakatwid, tinutukoy nito ang nais ng isang tao.

Madali lamang makilala ang teoryang eksistensyalismo. Ito ay nagbibigay-halaga sa nilalayon ng isang tao. Isang mithiin na nais makamit at maisakatuparan sa lahat ng kaparaanan.

Handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang iyong natutuhan. Masasagot mo iyan. Subukin mo.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Tukuyin sa sumusunod na pahayag mula sa akda na nagpapakita ng kapangyarihan ng tao. Lagyan ng tsek ang pipiliing sagot.

________ 1. Handa si Nai Phan na pahintulutan ang kanyang parukyano sa walang limitasyong pangungutang.

________ 2. "Mas masarap matulog kaysa magpayaman nang mabilis."

________ 3. "Ibibigay ko sa 'yo ang pera, pero hindi dahil sa baril mo. Ibibigay ko sa iyo dahil mukhang kailangang-kailangan mo iyon."

________ 4. "Babalik ako para makita ka uli, pero huwag mo nang ipakikita uli sa akin ang baril."

________ 5. "Dapat talagang mamatay na 'ko agad-agad. Hindi ako dapat mabuhay, pasanin lang ako ng mundo!"

Madali mo bang nakilala ang teoryang eksistensyalismo? Itsek mo muli ito at tingnan ko kung tama lahat ang sagot mo.

**4. Palalimin mo…**

Matapos mong mabasa ang iyong aralin, anu-ano sa palagay mo ang nabago sa iyo?

Panuto: Isulat mo ang mga titik na tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo.

a. naging maayos ang panuntunan ko sa buhay

b. kinagiliwan ko ang pagbabasa ng kuwento


c. nagkaroon ako ng ideya kung paano pahahalagahan ang kuwento

d. napagwari ko na di dapat padalus-dalos sa pagdedesisyon

e. naging halimbawa sa akin ang kabutihan ng pangunahing tauhan.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Piliin sa susunod na pahina at isulat ang tamang sagot na hinihingi sa dayagram.




a. matulungin sa kapwa

b. magandang panuntunan sa buhay

c. mapagpahalaga sa hanapbuhay

d. maghanapbuhay nang sagad sa oras

e. maunawain sa kalagayan ng kapwa

Kung naunawaan mo ang aralin, tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot. Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Nahirapan ka ba sa mga nauna mong mga gawain? Batid ko na ginawa mong lahat ang iyong makakaya para masagutan ito.

Susulat ka naman ngayon at madali lang ito. Balita ang iyong isusulat.

Sa pagsulat ng balita, dapat payak ang mga salita at pangungusap. Ito'y sumasagot sa tanong na Sino, Ano, Saan, kailan, Bakit at Paano.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Ayusin mo ang pagkakasunud-sunod ng bilang ng mga talata. Pagkatapos isulat mo ito.

1. Pamagat: Nasaan ang Magulang?

2. Isang mag-aaral ang nahuling nang-uumit ng isang notebook at mamahaling ballpen sa Tutuban Center Mall.

3. Nahuli sa aktong nang-uumit si Crisanta de Leon ng 2578 Tayuman, Tundo Maynila

4. Ayon sa salarin, nagawa lamang niya ang gayon dahil sa kailangan niya ang gamit sa pag-aaral.

5. Dinala sa presinto ang bata at pinagbigay-alam sa paaralang pinapasukan.

6. Kaagad pinatawag ng pinuno ng paaralan ang magulang ng bata at nakipagtulungan upang mapalaya ang salarin.

May pagkakatulad ba ang binasa mong akda sa balitang sinulat mo? Tingnan mo kung tamang lahat ang sagot. Itsek mo muli ang iyong mga kasagutan.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek sa tabi ng bawat bilang na tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

1. kahulugan ng maikling kuwento

2. kaalaman sa pagsulat ng balita

3. kabatiran tungkol sa teoryang eksistensyalismo

4. pagiging matulungin

5. magandang panuntunan sa buhay

6. halimbawa ng pananaw eksistensyalismo

7. pagbibigay-kahulugan sa matatalinghagang salita

8. pagsusuri sa tauhan batay sa saloobin at paniniwala

9. pagtukoy sa bahagi ng akda na nagpapakita ng kapangyarihan ng tao

10. pagbabahagi ng sariling pananaw sa akda

Sa natapos mong gawain, nadalian ka ba? Alam ko naman na kaya mong sagutin ang mga ito. Hiramin mo muli sa iyong guro ang mga kasagutan.

Susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling tinalakay ang susunod na gawain. Unawain mo itong mabuti. Kayang-kaya mo ito. Simulan mo na.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Bukas-palad si nai Phan sa balana. Ang kahulugan ng may salungguhit ay ___
    a. maawain
    b. palabati
    c. matulungin
    d. mapagmahal

2. Ang buktot na hangarin ay di naisakatuparan. Nangangahulugan ng ________ ang may salungguhit.
    a. mabuti
    b. makatao
    c. masalimuot
    d. masama
3. Desperado lang ang gumagawa ng panghoholdap. Ang nais ipakahulugan sa desperado ay ___________
    a. walang pag-asa
    b. sira na'ng pag-iisip
    c. kulang sa pangaral
    d. walang hanapbuhay

4. Si Nai Phan ay isang _________
    a. sundalo
    b. pulis
    c. tindero
    d. abogado

5. Mahusay/Masarap siyang magluto ng _______
    a. kakanin
    b. ulam
    c. merienda
    d. sinangag

6. may ugali si Nai Phan na _____
    a. namimigay ng pera
    b. matulungin sa kapwa
    c. mapagmahal na asawa

    d. maagang matulog

7. Naniniwala si Nai Phan na hindi _______
    a. masamang tao ang holdaper
    b. nakikinig sa payo ng magulang
    c. babarilin ng holdaper
    d. babalikan at papanagutin

8. Sa ikinikilos at pananalita ni Nai Phan ay ________ ang holdaper.
    a. napasuko
    b. namaril
    c. humingi ng pera
    d. napaalis

9. May pagpapahalaga sa kapwa si Nai Phan kaya maituturing siya na:
    a. mahusay makitungo sa kapwa
    b. masalapi
    c. may tindahan
    d. madaling utangan

10. Hindi ngayo't holdaper ay masama na. Kaya sa pagkakataong makaengkuwentro niya ang ganito, parang nakikipag-usap lamang siya. Patunay ito na si Nai Phan ay:
    a. palasigaw
    b. bugnutin
    c. mahinahon
    d. matiisin

Ano ang nakuha mong iskor? Kung 7 pataas ang iyong tamang sagot, gawin mo na ang susunod na aralin. Kung 6 pababa, may ipagagawa ako sa iyong gawain. Kayang-kaya mo ito sapagkat kaugnay naman ito ng iyong aralin. Maaari mo na itong simulan.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Bumuo ng islogan tungkol sa aralin. Hanguin at ayusin mo ang mga ginulong salita na nasa loob ng kahon.

1.

| |
|---|
| sa salapi<br>ay higit pa<br>ang pakikipagkapwa<br>ang halaga |

2.

| | |
|---|---|
| | ang isang tao |
| gaano man | kasama |
| ring kabutihan | may taglay |

## *Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat mo ang titik ng tamang sagot na nagbibigay-kahulugan sa mga pahayag.

1. Sa gitna ng nakakukuliling na mga daing at pagtangis patuloy pa rin ang labanan.
    a. hinagpis ng mga kalaban
    b. panaghoy ng mga sugatan
    c. panawagan ng mga naulila
    d. panangis ng mga duguan

2. "Mas masarap matulog kaysa magpayaman nang mabilis". Nais ipahayag dito na:
    a. ayaw magtrabaho
    b. di lahat ng oras ilalaan sa pagkita ng salapi
    c. masarap matulog
    d. tinatamad magtrabaho

3. Si Nai Phan ay kilala sa kanyang sinangag at kape at sa pagiging <u>bukas-palad</u>. Ang may salungguhit ay nangangahulugang:
    a. maawain
    b. palakaibigan
    c. mabuting tao
    d. matulungin

4. Kilalanin sina Kikuichi at Koto bilang pangunahing tauhan ayon sa kanilang paniniwala. Piliin ang titik ng may wastong sagot.
    a. magtatawid-dagat
    b. mamasyal sa malayong lugar
    c. di madidisgrasya
    d. nagsisikap na gawing normal ang buhay sa kabila ng kapansanan

5. Makikilala naman si Nai Phan bilang pangunahing tauhan ayon sa kalagayan sa buhay.
    a. mahirap
    b. may sapat na salapi
    c. ubod ng yaman
    d. maraming utang

6. Hanapbuhay
    a. may sariling tindahan
    b. nag-oopisina
    c. naglalako ng paninda
    d. tagaluto

Ano sa palagay mo, kapani-paniwala ba o hindi ang sumusunod na ginawi ng mga tauhan? Isulat mo ang titik **K** kung kapani-paniwala at **D** kung hindi.

7. Pagtawid sa dagat ng dalawang bulag

8. Walang limitasyong pangungutang ng mga parukyano ni Nai Phan.

9. Namimigay ng matamis sa mga bata nang hindi naghahanap ng pera.

Piliin ang titik ng may wastong sagot na angkop sa pahayag.

10. "Bubuhatin ko na kayo sa likod ko." Ang pahayag ay nangangahulugang ________________ ang naghandog ng tulong ay:
    a. maawain
    b. mabait
    c. masipag
    d. maagap

11. "Nauunawaan kita, sinumang desperado ay gagawin din ang ginawa mo." Ito ay patunay na ang nagwika ng naturan ay ____
    a. may katwiran
    b. may pagpapahalaga sa tao
    c. may malasakit sa kapwa
    d. may nilalayon sa tao

12. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na:
    "Nauunawaan kong aksidente ang nangyari, at wala tayong magagawa roon" Ang nagsasalita ay ____
    a. mapagpaumanhin
    b. marunong umunawa sa pangyayari
    c. may malasakit
    d. mapagkumbaba

Madali lang ang gawaing ito. Nasagutan mo bang lahat? Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto at itsek mo ang mga kasagutan.